
1

# AralingPanlipunan

## IkalawangMarkahan–Modyul3:
## Kahalagahan ng Bawat Kasaping Pamilya



CO_Q2_AP 1_ Module 3

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

1

# Araling Panlipunan

## Ikalawang Markahan – Modyul 3:

## Kahalagahan ng Bawat Kasaping Pamilya

**Araling Panlipunan – Unang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikalawang Markahan – Modyul 3: Kahalagahan ng Bawat Kasapi ng Pamilya**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand name*, tatak o *trademark*, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Gina R. Gabriel

**Editors:** Joy C. Gabriel, Amelia B. Balae, Marilou Buizon

**Tagasuri:** Elizabeth R. Berdadero, Robert T. Rustia, Rey A. Pascual

**Tagaguhit:** Gina R. Gabriel

**Tagalapat:** Jenelyn B. Butac, Jaylord Gallarde, Elizalde L. Piol

**Tagapamahala:** Benjamin D. Paragas
Octavio V. Cabasag
Rizalino G. Caronan
Romel B. Costales
Rey A. Pascual
Janette V. Bautista
Marivel G. Morales
Robert T. Rustia

**Inilimbag sa Pilipinas ng ________________________**

**Department of Education – Region II**

Office Address: Regional Government Center, Carig Sur, Tuguegarao City, 3500
Telefax: (078) 304-3855; (078) 396-9728
E-mail Address: region2@deped.gov.ph

## Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

## Alamin

Sa modyul na ito ay pag-aaralan natin ang mahahalagang gawain ng bawat kasapi ng pamilya, ang papel o tungkulin ng bawat isa upang maging maayos ang kanilangbuhay.

Pagkatapos ng araling ito, ikaw ay inaasahang:


Nasasabi ang kahalagahan ng bawat kasapi ng pamilya.

## Subukin

Panuto: Kulayan ang puso kung ang larawan ay nagpapakita nang kahalagahan ng bawat kasapi ng pamilya.













# Aralin 1 Kahalagahan ng Bawat Kasapi ng Pamilya

Ang mga kasapi ng pamilya ay sina ama, ina, kuya, ate at bunso. May mga pamilyang kabilang pa rin sina lolo at lola o hindi kaya'y sina tito at tita. Mayroong tungkulin ang bawat isa na ginagampanan sa tahanan. Ito ang nagbubuklod at nagpapatibay sa samahan ng pamilya.

Mahalagang gampanan ng bawat pamilya ang kanilang tungkulin upang maging magaan at madali ang bawat gawain sa loob ng tahanan. Mas masaya ang tahanan kung ang bawat kasapi ay nagmamahalan, nagbibigayan at nagkakaisa.


## Balikan

**Panuto:** Lagyan ng tsek ( ✓) ang larawan na nagpapakita ng pagganap sa tungkulin ng pamilya.


A



B



C



D



## *Tuklasin*

**Panuto: Basahin angtula.**

**Ang Pamilya**

ni Gina R.Gabriel

Tagapagtaguyod ng pamilya sina ama atina Sa
paghahanapbuhay ay matiyaga
Sa mga anak ay gumagabay at nag-aalaga Sa
gawaing-bahay ayabala.

Ang mga anak ay nag-aaral mabuti Nagbabasa ng
aralin bago matulog sa gabi Sa mga gawaing bahay
sila ang nagsisilbi Upang ang maraming gawain ay
mapadali.

Sina lolo, lola, tito at tita
Sa pamilya’y maaaring sila ay kasama Handang
tumulong sa tuwi-tuwina Tulong-tulongang lahat
parasa pamilya.

## *Suriin*

Ang bawat kasapi ng pamilya ay may kani-kaniyang tungkulin o papel na ginagampanan.

Ang bawat isa ay may kahalagahang naibabahagi sa pamilya.

Ang tatay at nanay ay nagtutulungan sa paghahanapbuhay, paggawa sa mga gawaing-bahay, at pag-aalaga sa kanilang mga anak.

Ang anak o mga anak ay tumutulong naman sa mga gawaing-bahay na kaya nilang gawin.

Nag-aaral din silang mabuti para sa kanilang magandang kinabukasan.

Ang kamag-anak na kasama sa bahay tulad ng lolo at lola ay gumagawa rin ng kani-kanilang gawain upang makatulong.

Nararapat gawin nang mabuti ng bawat kasapi ng pamilya ang kanilang tungkulin upang maging maayos ang buhay ng pamilya.

## Pagyamanin


**A. Panuto: Bilugan ang titik ng tamang sagot.**


1. Sila ay nagtutulungan sa pagtratrabaho para masuportahan ang pamilya.
   a. tito  c. ate
   b. ama at ina  d. kuya

2. Sila ang katulong nina tatay at nanay sa gawaing- bahay.
   a. ina  c. mga anak
   b. ama  d. lolo

3. Sa ibang pamilya sila ay kasama, gumagawa rin ng gawaing-bahay upang makatulong.
   a. ama  c. ina
   b. kamag-anak  d. kuya

**B. Panuto**: Kulayan ang kasapi ng pamilyang naglalarawan ng pagtupad sa kanilang tungkulin.





## *Isaisip*

**Panuto:** Isulatangtamangsalitasabawatpatlang.Piliin sa kahon ang tamang sagot.

| | | |
|---|---|---|
| magtutulungan | ginagampanan | maayos |

May mahalagang papel na________________________ ang bawat kasapi ngpamilya.

Ang bawat isa ay nagtutulungan sa gawaing-bahay. Ang maraming gawain tulad ng paglilinis, paglalaba, pagluluto at pag-aalaga sa maliit pang anak ay gagaan kung______.

Kung gagampanan ng bawat kasapi ang kanilang tungkulin ay magiging______________________________ang buhay ng pamilya.

## *Isagawa*

**Panuto:** Iguhitsapatlangangmasayang ☺ mukha kung ang pangungusap ay magandang gawain at ang malungkot ☹ na mukha kunghindi.

______1. Maagang gumigising si tatay upang pumasok satrabaho.

______2. Madalaslumibansaklasesikuyadahil tinatamad siyangpumasok.

______3. Namalengke si nanay upangmagluto ng masarap naulam.

_______4. Nagdadabog si kuya kapag inuutusang tumulong sa mgagawain.

_______5. Dinidiligan ni ate ang mga halaman tuwing hapon.

## *Tayahin*

**Panuto:** Isulat sa patlang ang titik na nagsasabi ng ginagawa ng bawat kasapi ng pamilya.

________1. 

________2. 

________3. 

________4. 

________5. 

| |
|---|
| a.Naglilinisang mga anak. |
| b.Nagkukumpuni si tatay |
| c. Nag-aalaga ng anak si nanay. |
| d. Nag-aaral ng mabuti ang anak. |
| e. Naghuhugas ng plato si tito at tita. |

## *Karagdagang Gawain*

**Panuto:** Iguhit sa loob ng kahon ang iyong sarili na nagpapakita ng iyong mahalagang tungkulin sa iyong pamilya.

# *Susi sa Pagwawasto*

| | | |
|---|---|---|
| **Subukin**<br>1. ♥<br>2 ♡<br>3. ♥<br>**Balikan**<br>1. A<br>2. B<br>3. D | **Pagyamanin**<br>1. B<br>2. C<br>3. B<br>**Isaisip**<br>1.Ginagampanan<br>2.Nagtutulungan<br>3.Maayos | **Tayahin**<br>1. C<br>2. E<br>3. D<br>4. A<br>5. B<br>**Karagdagang Gawain**<br>Guhit na nagpapakita ng mahalagang tungkulin sa pamilya |

## *Sanggunian*

K to 12 Curriculum Guide, Araling Panlipunan 1 Miranda, Noel P., et al, Kagamitan ng Mag-aaral (Tagalog), Araling Panlipunan1, 2017 Edition

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph